# Batas sa mas murang pabahay, paiigtingin sa QC ni Joy B

Nangako si Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na paiigtingin ang pagpapatupad ng ordinansang nagbibigay ng mas murang pabahay sa mga informal settler families (ISF) sa Quezon City.

Binigyang diin ni Belmonte na mayroon ng batas para sa murang pabahay pero sa tingin niya anya ay kailangan pang pagbutihin ang pagpapatupad nito para sa mas maraming pamilya ang makinabang dito.

"Sinimulan na ito ni Quezon City Mayor Herbert Bautista, sa pamamagitan ng Bistekville pero gusto pa naming humanap ng paraan para mas mapamura pa ito kaysa sa P450, 000. Hindi siya libre, pero sisiguruhin natin na hindi mabibigatan ang mga taong nais kumuha rito," pahayag ni Belmonte.

Noong 2018, naipasa ng QC Council ang Comprehensive Socialized Housing Code of 2018 na layuning magbigay ng mas mura at sapat na pabahay sa low-income sector sa lungsod at matiyak na may sapat na trabaho at serbisyo sa mga socialized housing areas para sa mga informal settler.

"Ang layunin ko ay siguruhin na ang mga taga-QC ay mananatili sa ating lungsod. Ayoko na kailangan pa nilang lumipat sa Rizal, Bulacan, o kung saan pa para lang humanap ng matitirhan. Kung ikaw ay taga-QC, dapat nakatira ka sa Quezon City," ayon pa kay Belmonte. *(Angie dela Cruz)*